

Mga Iniinom na Antibiotic at Antimicrobials

- **Impeksyon sa Bakterya**
- **Lunas**
- **Karaniwang ginagamit na iniinom na Antibiotic at Antimicrobials**
- **Karaniwang Masamang Epekto at Pag-iingat ng Iniinom na Antibiotic at Antimicrobials**
- **Pangkalahatang Payo sa Pag-inom ng Antibiotic at Antimicrobials**
- **Pakikipag-usap sa inyong Doktor**
- **Pag-iimbak ng Gamot**

Impeksyon sa Bakterya

Ang makabuluhang bilang ng impeksyon sa tao ay sanhi ng bakterya. Subalit, hindi lahat ng bakterya ay nakakapagdulot ng sakit at sa katunayan ang iba ay natural na nakatira sa ating katawan, hal. ay sa bituka at balat. Nagkakaroon ng impeksyon kung ang ating katawan ay napasok ng mapaminsalang mikroorganismo o kapag ang sariling depensa ng ating katawan sa impeksyon ay mababa at ang balanse ng natural na bakteryang naninirahan sa ating katawan ay nagagambala.

Kabilang sa mga halimbawa ng impeksyon sa bakterya ang taghiyawat, impeksyon sa ihi, impeksyon sa gitnang tenga, syphilis, tuberculosis, kolera, anthrax at iba pang uri ng pagkalason sa pagkain, meningitis, at pulmonya.

Lunas

Ang Antibiotics/ antimicrobials ay mga gamot na ginagamit sa paglunas (at sa ibang kaso ng pag-iingat) ng impeksyon sa bakterya, sa pamamagitan ng pagpatay ng bakterya o pagpapatigil sa kanila na dumami. Sila ay nagmula sa mikroorganismo o gawa ng tao at hindi epektibo sa paglunas ng impeksyon na viral tulad ng trangkaso o sison.

Maraming ibat-ibang uri ng antibiotics/antimicrobials, na pumupuntirya sa ibat-ibang bakterya. Ang mapipiling antibiotics/antimicrobials ay depende sa mga kadahilanan tulad sa impeksyon na sanhi ng bakterya, kasaysayan ng pasyente ng allergy sa gamot at sa lugar ng impeksyon. Dahil dito, napaka importanteng kumuha muna ng payong

medikal bago uminom ng alinmang antibiotics/antimicrobials.

Mga Karaniwang ginagamit at Iniinom na Antibiotics at antimicrobials

Ang antibiotics/antimicrobials ay maaari lamang makuha mula sa botika nang may reseta ng doktor sa Hong Kong. Sila ay mabibili sa maraming klase ng dosis, hal. kapsula, tableta, topical cream at pamahid at parenteral injections. Dapat lamang silang gamitin sa ilalim ng masusing pagsusubaybay ng isang propesyunal na tagapangalaga ng kalusugan.

Ang ilan sa mga karaniwang ginagamit na klase ng iniinom na antibiotics/antimicrobials ay ang mga:

1. Penicillins at ang mga gamot na may kaugnay dito;
2. Cephalosporines;
3. Macrolides;
4. Tetracycline at ang mga gamot na may kaugnay dito;
5. Sulfonamides; at
6. Quinolones.

1. Penicillin at ang mga gamot na may kaugnay dito

Ang Penicillin ang pinaka unang antibiotic na ginamit panlunas at unang nakuha mula sa amag. Lahat ng penicillin ay may pare-parehong anyong pabilog na beta-lactam at pumapatay ng bakterya sa pamamagitan ng pagharang sa selula ng bakterya upang mabuo. Halimbawa ng karaniwang ginagamit na penicillin ay ang amoxicillin, ampicillin, cloxacillin, atbp. Ang Penicillin ay inirereseta para sa impeksyon sa ihi, impeksyon sa gitnang tenga, sinusitis, bronchitis, impeksyon sa bibig at pulmunya.

Ang Penicillin ay hindi aktibo na beta-lactamase enzymes. Ang karagdagang tagapigil na beta-lactamase sa grupo ng penicillin (hal. clavulanic acid sa amoxicillin) ay nagbibigay ng epektong synergistic antibacterial.

Sa pagitan ng 1 hanggang 10% pasyente ay magkakaroon ng reaksiyon na hypersensitivity matapos uminom ng penicillin. Ang allergic reaction ay maaaring maging mga pantal sa balat hanggang anaphylaxis (<0.05%) na maaaring maging nakamamatay.

2.Cephalosporins

Ang Cephalosporins ay may istruktura na kahalintulad ng penicillin at kumikilos ito kapareho ng penicillin sa pagpatay ng bakterya sa pamamagitan ng pagharang sa cell wall synthesis ng bacteria. Ginagamit sila sa pamamagitan ng pag inom para sa paglunas ng malalang sinusitis, bronchitis, pulmonya na nakuha sa kapaligiran, malalang impeksyon sa gitnang tenga, sinusitis, impeksyon sa pag-ihi at balat.

Ang karaniwang ginagamit na cephalosporins ay ang cephalexin, cefadroxil, cefaclor, cefuroxime at cefexime. Dahil sa sila ay may istruktura na kapareho ng penicillin, ang mga pasyente na allergic sa penicillin ay maaaring maging allergic din sa cephalosporin.

3.Macrolides

Ang Macrolides ay antibiotics na may kaparehong pabilog na anyo at kumikilos alinman sa pamamagitan ng pagpatay sa bakterya o pagpigil sa pagtubo at pagdami ng nito. Ang macrolides ay may kapareho ngunit hindi magkamukhang gawain ng antibacterial sa penicillin. Kaya't madalas silang gamitin bilang kapalit sa mga pasyenteng may allergy sa penicillin. Halimbawa ng ginagamit na macrolides ay ang erythromycin, clarithromycin at azithromycin. Ang macrolides ay kapaki-pakinabang laban sa impeksyon sa gitnang tenga, pulmunya atbp.

4.Tetracycline at ang mga nanggaling dito

Ang tetracycline ay ibang grupo ng antibiotics na maaaring gamiting panglunas sa malawakang saklaw ng impeksyon. Subalit, ang kanilang klinikal na gamit ay limitado dahil sa paglitaw ng paglaban ng bakterya. Halimbawa ng grupong ito kasali ang tetracycline, minocycline, doxycycline, atbp. Sila ay karaniwang ginagamit panglunas sa mga malalang taghiyawat.

5.Sulfonamides

Mayroong pagtaas ng paglaban sa bakterya patungo sa grupong sulphonamides. Ang kanilang gamit ay maaaring maging kahalili ng antibacterial na sa pangkalahatan ay mas aktibo at mas kakaunti ang lason. Sila ay ginagamit panglunas ng impeksyon sa ihi at bronchitis. Ang Sulfamethoxazole at trimethoprim ay madalas na ginagamit na may kombinasyon dahil sa kanilang synergistic activity at sa pangkalahatan ay napalitan ang gamit ng suphonamides lamang.

6.Quinolones

Ang Fluoroquinolones ay isang bagong grupo ng antimicrobials na gawa ng tao na maaaring gamitin para lunasan ang malawakang sakop ng impeksyon tulad ng

impeksyon sa ihi at impeksyon sa pag hinga, halimbawa ng quinolones ay ang ciprofloxacin, ofloxacin, levofloxacin, nalidixic acid atbp.

Dahil sa ang fluoroquinolones ay naiuugnay sa pagkakaran ng malubhang epekto, kinakailangang ireserba ang paggamit nito para sa mga pasyenteng walang alternatibong lunas para sa mga sumusunod na karamdaman: hindi komplikadong impeksyon sa ihi, ang patuloy na pag lala ng matagal ng bronchitis, at ang malalang bacterial sinusitis.

Ang mga pasyente ay dapat na maging maingat sa anumang palatandaan ng masamang epekto (hal. Hindi normal na pagtibok ng puso, masakit na paggalaw ng mga paa't-kamay, panghihina ng mga kalamnnan, pamamanhid at panginginginig ng pakiramdam sa paghipo, panlalabo ng paningin, biglaang pananakit sa punong katawan). Maaari silang maging dahilang batayan ng malubhang epekto ng gamot na nangyari na sa inyong katawan. Makipag usap sa inyong doktor kung masama ng inyong pakiramdam matapos inumin ang gamot.

Pangkaraniwang Masamang Epekto at Pagiingat ng Iniinom na Antibyotiko at Antimicrobials

Uri ng Antibiotics/ antimicrobials	Karaniwang Masamang Epekto	Pag iingat
1.Penicillin at ang mga gamot na nanggaling dito	<ul style="list-style-type: none"> • Reaction sa Hypersensitivity, mula sa maculopapular rash hanggang angioedema • Pagtatae, at pagsusuka 	<ul style="list-style-type: none"> • Pag-iingat sa mga pasyenteng may karanasan ng allergy kabilang ang hika, eksema at hay fever dahil sa ang antas ng kanilang peligro sa pagkakaroon ng malalang reaksyon sa allergy ay mataas. • Mga pasyenteng may sakit sa bato ay pangangailangang magbawas ng dosis • Mga pasyenteng may allergy sa cephalosporins ay maaari ring maging allergic sa penicillin • Pag-iingat sa mga pasyenteng may kasaysayan ng pagkakaroon ng pagtatae matapos gamitin ang

		antibiotics.
2. Cephalosporins	<ul style="list-style-type: none"> • Reaksyon sa Hypersensitivity, mula maculopapular rash hanggang angioedema 	<ul style="list-style-type: none"> • Hindi dapat gamitin sa mga pasyenteng allergic sa penicillin dahil sa maaaring paglitaw ng mga senyales ng allergy. • Pag-iingat sa mga pasyenteng may sakit sa bato • Pag-iingat sa mga pasyenteng may kasaysayan ng allergies kasali ang hika, eczema at hay fever dahil sa ang kanilang peligro sa pagkakaroon ng reaksiyon sa allergy ay mataas • Pag-iingat sa mga pasyenteng may kasaysayan ng pagkakaroon ng pagtatae matapos gumamit ng antibiotics
3. Macrolides	<ul style="list-style-type: none"> • Pagduduwal, pagsusuka at pagtatae, pananakit ng tiyan 	<ul style="list-style-type: none"> • Pag-iingat sa mga pasyenteng maaaring malantad sa matagal na QT Syndrome, hal. Pag-inom ng gamot na maaaring magpatagal ng QT interval • Steven- Johnson syndrome, colitis na may kaugnayan sa antibiotics, at mga humabang QT na bihirang maiulat • Maaaring magpalala ng myasthenia gravis (kondisyon na may pagkapagod at panghihina ng kalamnan)
4. Tetracyclines	<ul style="list-style-type: none"> • Pagduduwal, pagsusuka at pagtatae • Hirap sa paglunok at pangangati ng lalamunan • Nagdudulot ng paninilaw ng ngipin at pagpangit ng ngipin habang tumutubo 	<ul style="list-style-type: none"> • Hindi inirerekomenda sa mga pasyenteng may sakit sa bato at atay • Hindi inirerekomenda sa mga batang mababa sa 12 taon ang edad • Hindi inirerekomenda sa mga babaeng buntis/ nagpapasuso • Ang tableta at kapsula ay dapat lunukin ng buo kasabay ng

		<p>maraming tubig at ang pasyente ay hindi dapat humiga agad ng mga kalahating oras pagkatapos uminom</p> <ul style="list-style-type: none"> • Iwasan ang paginom ng antacids, gatas, calcium/ magnesium salts • Ang Photosensitivity ay maaaring lumitaw ngunit bihira lamang. Iwasan ang matagal na pagpapainit sa araw at gumamit ng naaangkop na sunscreen
5. Sulfonamides	<ul style="list-style-type: none"> • Pagduduwal at pagsusuka • Sakit ng ulo • Reaksyon sa hypersensitivity, kasali ang mga pantal 	<ul style="list-style-type: none"> • Ang Steven Johnson Syndrome at toxic epidermal necrolysis ay bihirang naiulat • Maaaring kailanganing bantayan ang bilang ng dugo sa matagalang pagagamit dahil sa posibleng peligro ng blood dyscrasia • Gamitin ng may pag-iingat sa mga pasyenteng may kapansanan sa atay o problema sa bato • Kontraindikasyon sa acute porphyria
6. Quinolones	<ul style="list-style-type: none"> • Pagduduwal, pagsusuka at pagtatae, impatso, sakit sa tiyan • Tendinitis, pinsala sa mga litid • Maaaring magpalala ng panghihina ng mga kalamnan sa mga pasyenteng may myasthenia gravis • Pantal • QT interval prolongation • Photosensitivity 	<ul style="list-style-type: none"> • Iwasan sa mga pasyenteng may myasthenia gravis • Hindi angkop sa mga bata at mga kabataan • Hindi inirerekomenda sa mga kababaihang buntis o nagpapasuso • Malalang epekto (tulad ng peripheral neuropathy; kapansanan sa paningin; aortic aneurysm at dissection) ay naiulat. Mag-ingat sa mga senyales ng masamang pakiramdam, at makipag usap agad sa inyong doktor.

Lumalaban sa Antibiotics

Ang hindi tamang paggamit ng antibiotics ay maaaring mauwi sa paglaban ng antibiotics, hal. Ang antibiotics ay hindi na nakapapatay o gumagana sa bakteryang sanhi ng impeksyon. Ang hindi tamang paggamit kasali ang pagkukulang sa dosis na lunas, hindi pagtatapos sa kurso ng paglunas ng antibiotics, ang paggamit ng antibiotics na hindi ipinahihiwatig. Ang bakteryang ay umaangkop sa antibiotics. Kung hindi sila tuluyang mapapatay, muli silang dadami at ang kaparehong antibiotics ay hindi na maaaring gumanang muli sa kaparehong bakteryang. Ito ay maaaring mauwi sa mas kakaunting pagpipilian at mas malalang impeksyon na hindi na maaaring lunasan sa mayroong antibiotics.

Kinakailangan nyo ring maging maingat sa inyong pangsariling kalinisan, hal. madalas na paghugas ng kamay, kumain o uminom lamang ng pagkaing nilutong maigi o pinakuluang pagkain o inumin, disinfect at takpan lahat ng sugat, at magsuot ng mask kung mayroong sintomas ng sakit sa paghinga.

Maaaring sumangguni sa mga sumusunod na link upang mas matutunan ang tungkol sa paglaban ng antibiotics:

http://www.chp.gov.hk/files/pdf/reducing_bacterial_resistance_with_impact.pdf

Ang Espesyal na Administratibong Rehiyon ng Hong Kong ay nangangakong susuporta sa pangdaigdigang inisyatibo sa paglaban sa anti-microbial resistance ng Pandaigdigang Samahan ng Kalusugan: Walang pagkilos ngayon, walang lunas kinabukasan. Simula 2012, Ang Araw ng Kamalayan sa Antibiyotiko ay minarkahan taon-taon tuwing ika-18 ng Nobyembre sa Hong Kong bilang inisyatibo ng pampublikong kalusugan upang magkaroon ng kaalaman tungkol sa banta ng antimicrobial resistance at maingat na paggamit ng antibiotics. Maaaring sumangguni sa mga sumusunod na link para sa mas maraming detalye:

http://www.chp.gov.hk/en/view_content/37111.html

Pangkalahatang Payo sa pag-inom ng antibiotics at antimicrobials

- Napakaimportante na sundin ang mga direksyon sa paggamit ng gamot para sa inyong mga gamot.
- Inumin ang inyong gamot sa kaparehong eksaktong oras araw araw hangga't maaari. Kung nakalimot sa dosis, uminom kaagad maliban kung oras na ng pag-

inom para sa susunod na dosis. Kung ganoon, ipagpaliban na ang dosis at kunin ang sumunod na dosis tulad ng nasa direksyon. Huwag uminom ng dobleng dosis.

- Huwag huminto sa pag-inom ng gamot kahit na bumuti ang inyong pakiramdam dahil kinakailangan ninyong tapusin ang buong kurso ng paglunas.
- Huwag uminom ng alkohol dahil maaari itong makaapekto sa pagiging epektibo o makadagdag sa peligro ng epekto ng inyong antibiotics/antimicrobials.

Pakikipag usap sa inyong Doktor

- Ang Sentro ng Proteksyon para sa Kalusugan (CHP) ay mahigpit na ipinapayo sa publiko na magtanong ng tamang katanungan at matalinong paggamit ng antibiyotiko. (https://www.chp.gov.hk/en/resources/e_health_topics/2760.html)
- Ang antibiotics/antimicrobials ay dapat lamang gamitin sa ilalim ng superbisyong medikal.
- Sabihin sa inyong doktor ang inyong kasaysayang medikal at ang gamot na inyong iniinom dahil ang ibang gamot ay maaaring maugnay sa antibiotics/antimicrobials at ang ibang karamdaman ay maaaring mangailangan ng espesyal na pag-iingat
- Ipaalam sa inyong doktor kung kayo ay mayroon o nakitaan ng allergy sa kahit anong gamot. Ang ibang antibiotics/antimicrobials ay maaaring mayroong cross sensitivity at kinakailangan nyong iwasan ang ibang tiyak na gamot ng antibiotics kahit hindi nyo pa ito naiinom.
- Ipaalam sa Inyong doktor kung kayo ay umiinom ng pampatigil sa pagbubuntis dahil ang ibang antibiotics/antimicrobials ay maaaring makaapekto sa pagiging epektibo ng inyong pills ay mangailangan kayo ng karagdagang paraan ng pagpipigil sa pagbubuntis.
- Kunin ang payo ng inyong doktor sa pinakamainam na pagpipiliang lunas. Ang ibat-ibat antibiotics/antimicrobials ay maaaring umaksyon sa inyong katawan sa ibat-ibat paraan kaya't maaari kayong makaranas ng iba-ibang epekto: ang inyong doktor ay magresetang pinakamainam na gamot para sa inyo matapos ikonsidera ang inyong kondisyon at pagtugon sa gamot.
- Kunin ang medikal na payo ng inyong doktor sa lalong madaling panahon kung makaranas ng anumang sintomas o epekto na pinaghihinalang may kinalaman sa inyong antibiotics/antimicrobials. Ang inyong doktor ay pag-aralang muli ang uri ng inyong gamot.
- Ipaalam sa inyong doktor kung kayo ay buntis dahil ang ibang antibiotics/antimicrobials ay maaaring makaapekto sa sanggol kaya't hindi dapat

gamitin habang nagbubuntis.

Pag-iimbak ng gamot

Ang gamot ay dapat na itago sa madilim, malamig at tuyong lugar. Maliban kung nasasaad sa label, ang gamot ay hindi dapat itinatago sa refrigerator. Gayundin, ang gamot ay dapat itago ng maayos sa isang lugar na hindi maaaring maabot ng mga bata upang maiwasan ang aksidenteng pagkakalunok nito.

Pagkilala: Ang Tanggapan ng Gamot ay gustong pasalamatan ang Propesyonal na Kaunlaran at Siguradong Kalidad (PD&QA) at ang Sangay ng Pagkontrol sa Impeksyon (ICB) para sa kanilang mahalagang kontribusyon sa preparasyon ng artikulong ito.

Tanggapan ng Gamot
Kagawaran ng Kalusugan
Disyembre 2020